



## **PAHAYAG SA MEDIA**

**PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG:** Mayo 24, 2021  
**MAKIPAG-UGNAYAN KAY:** Kristine Roselius, 415.519.5419

### **May bagong incentive ang mga employer sa Bay Area habang gumagawa sila ng mga plano para sa mga empleyado pagkatapos ng pandemya *Air District at Komisyon sa Transportasyon ng Lungsod (Metropolitan Transportation Commission, MTC), magdaragdag ng opsyong telework sa mga pagpipilian ng Mga Benepisyong sa Nagbibiyaha ng Bay Area***

**SAN FRANCISCO** – Ngayong araw, inanunsyo ng Bay Area Air Quality Management District (Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area) at Komisyon sa Transportasyon ng Lungsod ang isang bagong opsyon sa pagsunod para sa panrehiyong Programa ng Mga Benepisyong sa Nagbibiyaha.

Bukod sa apat na opsyong puwedeng pagpipilian ng mga employer sa kasalukuyan para masunod ang panrehiyong programa sa nagbibiyaha, mapipili na ng mga employer ang Opsyon 5: Telework. Ang bagong opsyong ito sa pagsunod ay puwedeng gamitin para masunod ang panrehiyong Programa ng Mga Benepisyong sa Nagbibiyaha basta't hindi aalisin ang mga benepisyong sa nagbibiyaha sa mga empleyadong hindi puwedeng magtrabaho nang malayuan, at aalukin ito nang isa o higit pang araw bawat linggo.

“Ngayon na ang pagkakataon para gumawa ng pagbabago sa ating mga opisina at ating mga kalsada para sa kapakinabangan ng ating kapaligiran at kalusugan,” sabi ni Cindy Chavez, ang Supervisor ng Santa Clara County at chairperson ng Lupon ng Mga Direktor ng Bay Area Air Quality Management District. “Kasabay ng pagwawakas ng Santa Clara County sa mga mandatoryong kautusan sa pagtatrabaho sa bahay sa ilalim ng bagong kautusan sa pampublikong kalusugan, at inaasahang pagsunod ng iba pang county sa Bay Area kalaunan, mayroon kaming bagong opsyon sa telework na magbibigay-daan sa mga employer na may 50 empleyado o higit pa na sundin ang Programa ng Mga Benepisyong sa Nagbibiyaha ng Bay Area sa pamamagitan ng pagbibigay-daan sa mga empleyado na sa bahay magtrabaho nang isang araw o higit pa bawat linggo kung posible batay sa kanilang workload.”

“Nasa tipping point na tayo – transportasyon ang pinakamalaking pinagmumulan ng polusyon sa hangin at mga greenhouse gas sa Bay Area,” sabi ni Jack Broadbent, ang tagapagpaganap na opisyal ng Bay Area Air District. “Ang flexibility - kung saan, kailan, at paano tayo magtatrabaho ay makakatulong sa ating bawasan ang polusyon kaugnay ng transportasyon. Dapat nating alisin ang pagmamaneho nang mag-isa bilang unang hakbang para mabawasan ang mga panrehiyong polusyon sa hangin at greenhouse gas.”

“Habang nadaragdagan ang mga taong bumabalik sa lugar ng trabaho, kailangan nating gumawa ng mahuhusay na pasya kaugnay ng kung paano natin ito gagawin. Kailangang gawin ng bawat isa sa atin ang ating bahagi para mabawasan ang trapiko, mapaganda ang kalidad ng hangin, at maprotektahan ang klima sa pamamagitan ng hindi pagmamaneho nang mag-isa,” sabi ni Alfredo Pedroza, ang Chair ng MTC at Supervisor ng Napa County. “Carpooling man, pagko-commute, pagbibisikleta, o paghasa sa mga bagong kasanayan sa telecommuting, gamitin natin ang ating kaalaman at i-flex natin ang ating pagko-commute.”

Patuloy na nakakaapekto ang pagbabago ng klima sa kalidad ng hangin sa California at Bay Area. Noong nakaraang taon, natutunan ng mga employer at empleyado kung paano mananatiling produktibo habang nagtatrabaho sa bahay, na nakabawas sa polusyon sa hangin at trapiko na nauugnay sa mga nagbibiyaha.

Bukod pa rito, inilunsad ng Air District ang *I-flex ang Iyong Pagko-commute (Flex Your Commute)* ngayong araw, na isang bagong programa sa pagmemensahe na naka-target sa mga kumpanya ng Bay Area. Hihikayatin ng bagong programang ito ang mga partnership sa pagitan ng mga employer at empleyado na muling pag-isipan kung paano nagko-commute ang mga empleyado. Nakita sa mga pag-aaral na mas handa ang mga empleyadong gumawa ng mga pagbabago sa pagko-commute kapag hinihikayat sila ng kanilang employer. Ang programang *I-flex ang Iyong Pagko-commute* ay magbibigay ng mga mensahe at tool para makatulong sa panghihikayat ng mga empleyado na pumili ng mga alternatibo sa pagmamaneho nang mag-isa papasok ng trabaho.

Ang carpooling, pampublikong transportasyon, mga vanpool, pagbibisikleta, paglalakad-lakad, at teleworking ay mga flexible na pagpipiliang mayroon ang mga empleyado sa Bay Area sa pagpapalano ng kanilang pang-araw-araw na pagko-commute. Maisusulong ng bagong Opsyon 5: Telework ng Programa ng Mga Benepisyo sa Nagbibiyaha at programang *I-flex ang Iyong Pagko-commute*, nang magkasama, ang mga sustainable na pagpipilian sa pagko-commute habang bumabalik ang Bay Area sa lugar ng trabaho.

Ang [Bay Area Air Quality Management District](#) ay ang panrehiyong ahensyang responsable para sa pagprotekta sa kalidad ng hangin sa Bay Area sa siyam na county nito. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

###

---

*Air District Communications Office*  
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105  
[Homepage ng Air District](#) | [Mga Pahayag sa Media](#)